

## Saan maaaring pumunta

“Hindi ako masaya sa isang serbisyong napondohan ng NDIS”

Ang [NDIS Commission](#)

→ Tumawag sa 1800 035 544

→ Bumisita sa [www.ndiscommission.gov.au](http://www.ndiscommission.gov.au)

“Hindi ako masaya sa isang ginawa o desisyon ng NDIA”

Para sa [NDIA](#) o [Commonwealth Ombudsman](#)

→ Tumawag sa 1800 800 110 ou

→ Bumisita sa [www.ndis.gov.au](http://www.ndis.gov.au)  
[www.ombudsman.gov.au](http://www.ombudsman.gov.au)

“Hindi ako masaya sa isang paglilingkod mula sa ibang ahensya”

Sa lupon ng [mga reklamo ng estado o teritoryo](#)

Tingnan ang mga ‘link’ mula sa aming website

→ Bumisita sa [www.ndiscommission.gov.au](http://www.ndiscommission.gov.au)

## Sino ang maaaring magreklamo



Kahit sino ay maaaring magreklamo

Kabilang dito ang mga kasali sa NDIS, mga taong may kapansanan, kaibigan, pamilya, tagapag-alaga, taga-pagsalita, trabahador, atbp.

## Kung kailangan ninyo ng tulong sa pagrereklamo tungkol sa mga pinondohang serbisyo ng NDIS

→ Porma sa pagreklamo  
[www.ndiscommission.gov.au](http://www.ndiscommission.gov.au)

→ Tawagan po kami  
1800 035 544 (walang bayad ang tawag mula sa mga telepono sa ‘landline’)

→ National Relay Service  
[www.relayservice.gov.au](http://www.relayservice.gov.au)  
then 1800 035 544

→ Translating and Interpreting Service  
131 450



NDIS Quality and Safeguards Commission

Ang iyong mga Karapatan. Ang iyong mga Suporta. Sa iyong Pamamahala.



NDIS Quality and Safeguards Commission

## Kung kailangan niyong magsalita, kausapin kami.

Paano magreklamo tungkol sa serbisyo sa iyo ng NDIS

Ang iyong mga Karapatan. Ang iyong mga Suporta. Sa iyong Pamamahala.

## Ang Komisyonado sa Kalidad at mga Pagsanggalang ng NDIS (NDIS Quality & Safeguards Commission)

Ang NDIS Quality and Safeguards Commission (Komisyonado ng NDIS) ay isang malayang ahensiya ng pamahalaan na nagtatrabaho upang mapahusay ang kalidad at kaligtasan ng mga pinondohang serbisyo at suporta ng NDIS.

**Kung kailangan ninyong makipag-usap tungkol sa serbisyon pinondohan ng NDIS – kausapin kami.**

Ang pagrereklamo sa amin ay maaari ring magdulot ng mas mahusay na paglilingkod para sa lahat.

## Ano ang mga reklamo ang maaaring ilatag?

**Ang pag-aalala tungkol sa mga kalidad at kaligtasan ng mga suporta at serbisyo.**

Hahawakan namin ang mga reklamo tungkol sa kung ang isang serbisyon pinondohan ng NDIS ay ibinigay sa ligtas na paraan at sa nararapat na kalidad.

Maaari rin kayong magreklamo kung paano tumugon sa inyong reklamo ang isang tagadulot ng serbisyon NDIS.

**?** Kung nag-aalala kayo sa magiging pagtrato sa inyo, maaari kayong magreklamo nang kompidensyal (sikreto).



Kami ay namamahala sa mga reklamo tungkol sa mga serbisyo ng NDIS sa buong bansa maliban sa WA, na magbubukas mula sa ika-1 ng Hulyo 2020.

## Ano ang mga reklamong hindi namin pinakikialaman

- Mga reklamo tungkol sa NDIA
  - Ang pagkakaalam ng plano ng NDIS
  - Mga plano ng mga kasali sa NDIS
- **Mangyari pong ilatag ang mga ganitong reklamo sa NDIA.**

**?** Kung hindi kayo nakakatiyak kung sino ang inyong mga matatawagan, tawagan kami at sasabihin namin sa inyo.

## Paglalatag ng isang reklamo

Hinihikayat kayong subukan munang kausapin ang inyong tagapagdulot ng serbisyon NDIS upang malutas ang reklamo. Lahat ng mga rehistradong tagapagdulot ng serbisyo ay kailangang may sistema ng mabisang pamamahala sa mga reklamo. Kung hindi kayo komportable sa pakikipag-usap sa tagapagdulot ng serbisyo o hindi masaya sa naging resulta ng reklamo, mangyari pong tawagan kami.

Ang aming serbisyo sa pagrereklamo ay walang bayad, lubos na malaya sa NDIS at magiging kompidensyal kung kinakailangan. Nangangako kami na pakikingan namin nang may paggalang ang iyong buong sitwasyon at pag-uusapan ang mga susunod na hakbang.

**Sa paglutas ng isang problema, maaari naming:**

- Humingi ng mga impormasyon upang maliwanagan sa mga problema
- Tulungan kayong makipag-usap sa tagapagdulot ng NDIS
- Sa inyong kapahintulutan, makikipag-usap kami sa tagapagdulot ninyo ng NDIS
- Sasabihin namin sa inyo ang mga sagot ng tagapagdulot ng NDIS.

**Maaari ninyong bawiin ang inyong reklamo sa anumang oras.**

Ang isang problema ay maaaring irekomenda para sa pagkakasundo o imbestigasyon. Ang paraan sa pagkakasundo ay makakatulong sa lahat upang maintindihan ang mga problema at magkasundo sa paraan ng paglutas sa problema.

Ang imbestigasyon ay maaaring gawin kapag may mga problema sa pagtupad o ang mga kapahamakan sa mga taong may kapansanan ay nabanggit sa reklamo.